Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Hulyo 6, 1983

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 143, s. 1983

IKA-9 NA PAMBANSANG KOMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasan

1. Ang ika-9 na Pambansang Komperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, sa pagtataguyod ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, at sa tulong ng Surian ng Wikang Pambansa, ay idaraos sa Central Luzon State University, Muñoz, Nueva Ecija, sa Oktubre 24-28, 1983.

2. Ang paksang-diwa ng komperensiya ay "Ang Sikolohiya ng Magbubukid na Pilipino".

3. Pagkatapos ng komperensiyang ito, inaasahang ang mga dadalo ay:

a. nakauunawa at nakatatalakay na sa kung sino ang magbubukid na Pilipino;

b. nakapagpapaliwanag na sa pananaw sa buhay ng mga magbubukid; at

c. nakapagpapaliwanag na sa mga suliranin ng mga magbubukid na kaugnay ng kapangyarihang pampulitika at kaunlarang panlipunan.

4. Ang mga dapat dumalo sa komperensiyang ito ay mga panrehiyon at panaangay na superbisor sa aralin/agham panlipunan, mga propesor at estudyante ng sikolohiya at agham panlipunan (sa partikular ay reporma sa lupa) at iba pang kaugnay na asignatura/aralin, mga miyembro ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, at iba pang mga taong interesado sa paksang ito.

5. Ang pagdalo rito ng mga kinatawan ay sa oras na opisyal. At ang mga ibabayad nila sa akomodasyon at pagkain, handouts, at iba pa ay maaaring manggaling sa pondo ng kinatawang institusyon o organisasyon, depende sa kanilang pagkakasunduan.

6. Inaasahang pakakalatin ng mga kinauukulan ang impormasyong ito tungo sa katuparan ng naturang komperensiye.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister

Sanggunian:
MECS Memorandum: No. 254, s. 1982

Pamumudmod: 1-3-4 (D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS
CONFERENCE
Course of Study, COLLEGIATE
LANGUAGE
OFFICIALS
SOCIETY or ASSOCIATION
STUDENTS